



“NANANALIG AKO SA’YO”

Msgr. Ruben M. Dimaculangan

Binansagan ding “The Doubting Thomas Sunday” ang ikalawang Linggo ng Muling Pagkabuhay. Pero sa totoo lang, “The Honest Thomas” dapat ang tawag sa kanya. Bakit? Sapagkat matapos niyang matiyak na muling nabuhay si Hesus itinaya niya ang kanyang buhay sa Iran, Iraq, at India para sa Paghahari ng Diyos. Pinatay siya nang mahimok niya ang asawa ng hari noon na mag-ing kristiyano. Dinakip siya. Pinapag-alay sa diyus-diyosan nila. Nang papalapit na siya sa estatwa, diumano, sumabog ito. Sa sobrang galit ng hari, inihulog siya sa isang hukay at ipinasibat sa isang *Brahmin*.

Ang karanasan ng kawalan ng katarungan, kahirapan, pagdurusa ay taliwas sa mga pangako ng Diyos sa sinasabing Mabuting Balita. Sobrang layo nito sa konsepto ng langit na tila kalakip ng pangako ng ating pagsampalataya, ng

ating katapatan at bukal sa loob na pagsunod sa kalooban sa Diyos. Kaya napakagandang paglalarawan ng ating patunguhan ang nakasad sa Mga Gawa ng mga Apostol. Ipinamahagi nila ang kanilang mga ari-arian. Itinalaga nila ang kanilang buhay sa Diyos at sa pangangaral tungkol sa kanya. Hindi na nakaramdam ng kakulangan sa kanilang loob ang mga dukha.

Malinaw na paanyaya ito sa atin na kaysa pakikipagtalo ukol sa doktrina, ibuhos na lamang natin ang ating enerhiya sa misyon at diyalogo. Kasunod at kalakip nito ang mga gawa ng awa at pagiging bukasalad sa kapwa. Sapagkat tunay na nabubuhay ang Diyos sa modernong panahon kung nagmamahalan ang bawat kristiyano, ang bawat tao sa mundo, sa halimbawa ng pagmamahal ni Hesus.

Ngayong *Divine Mercy Sunday*, hinihimok tayong

mga kristiyano na ituon ang debosyon sa “pagninilay sa mga sugat ni Kristo”: ang kanyang sugat ay pruweba ng kalupitan ng tao. Ngunit sa kabilang banda, ang pagpapatawad niya noong siya’y sinugatan ay paalala rin sa atin kung ano ang isasagot sa panunugat ng iba. Bahagi ng imbitasyon ng Huling Hapunan ang masugatan kapag gumagawa ng Mabuti: “gawin ninyo itong pagsasakrispisyo at pagkamatay bilang pag-aalala sa akin.”

Sa pakikiisa natin sa mga sakramento, sana hindi ito maging isang *social event* lamang kundi maging isang *healing event* upang malunas ang sama ng loob. Nawa’y ang bawat “Amen” natin sa Eukaristiya ay tunay ngang maging “Nananalig ako na babaguhin ng Diyos ang aking buhay” bawat *sandal* ng ating pag-iral sa mundo.

PASIMULA

Antipona sa Pagpasok (1 P 2:2)
(*Basahin kung walang pambungad na awit*)

Kayong mga bagong silang ay maghangad na makamtan ang gatas na espirit'wal na dulot ng Amang banal. Aleluya, s'ya'y awitan.

Pagbati

(*Gawin dito ang tanda ng krus*)

P — Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo nawa'y sumainyong lahat.

B — **At sumaiyo rin.**

Paunang Salita

(*Maaring basahin ito o isang katulad na pahayag.*)

P — Dala ng labis na kalungkutan, kahinaan at kapos na pananampalataya, tumangging maniwala si Tomas sa napabalitang muling pagkabuhay ni Hesus. Sa kapangyarihang dulot ng Muling Pagkabuhay ng Panginoon, mapalitan nawa ng Panginoon ng tuwa at pananampalataya ang ating mga pagdududa at takot.

Ipinagdiriwang natin ngayon ang **Linggo ng Banal na Awa**. Pinasimulan ni Sr. Faustina Kowalska ang debosyong ito para patuloy nating harapin nang may lubos na pagtitiwala sa naguumpaw na habag ng Panginoon ang mga pagsubok at hamon ng buhay. Sa kanyang Muling Pagkabuhay ipinamalas ng Diyos ang tagumpay ng awa sa kasalanan at kamatayan.

Pagsisisi

P — Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang tayo'y maging marapat gumanap sa banal na pagdiriwang. (*Tumahimik*)

B — **Inaamin ko sa makapangyarihang Diyos, at sa inyo, mga kapatid, na lubha akong nagkasala** (*dadagok sa dibdib*) **sa isip, sa salita, sa gawa at sa aking pagkukulang. Kaya isinasamo ko sa Mahal na Birheng Maria, sa lahat ng mga anghel at mga banal at sa inyo, mga kapatid, na ako'y ipanalangin sa Panginoong ating Diyos.**

P — Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B — **Amen.**

P - Panginoon, kaawaan mo kami.

B - Panginoon, kaawaan mo kami.

P - Kristo, kaawaan mo kami.

B - Kristo, kaawaan mo kami.

P - Panginoon, kaawaan mo kami.

B - Panginoon, kaawaan mo kami.

Gloria

Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatang ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahalilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

Pambungad na Panalangin

P - Manalangin tayo. (*Tumahimik*)

Ama naming makapangyarihan, sa pagdiriwang naming ito ng Pasko ng Pagkabuhay ng Anak mo pinag-alab mo ang pananalig namin sa iyo. Ang kagandahang-loob mo sa amin ay lalo mo pang pag-ibayuhin upang maisalooob na mabuti ng lahat ang kadalisyang dulot ng binyag, ang Espiritung bigay mo sa iyong mga anak, ang Dugong dumanak upang kami'y maligtas sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B - Amen.

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa (Gawa 4:32-35)
(*Umupo*)

Tunay na naghahari ang diwa ng pagiging bukaspalad noong panahon ng mga unang Kristiyano. Ang kapangyarihan ng muling pagkabuhay ni Hesus ang nagbubuklod sa kanyang mga alagad

upang magkaisa sa isip at damdamin.

Pagbasa mula sa mga Gawa ng mga Apostol

NAGKAISA ang damdami't isipan ng lahat ng sumasampalataya at di itinuring ninuman na sarili niya ang kanyang mga ari-arian, kundi para sa lahat. Ang mga apostol ay patuloy na gumagawa ng kababalaghan at nagpapatotoo sa muling pagkabuhay ng Panginoong Hesus. At ibinuhos ng Diyos ang kanyang pagpapala sa kanilang lahat. Walang nagdarahop sa kanila, sapagkat ipinagbibili nila ang kanilang lupa o bahay, at ang pinagbilhan ay ibinibigay sa mga apostol. Ipinamamahagi naman ito ayon sa pangangailangan ng bawat isa.

— Ang Salita ng Diyos.

B — **Salamat sa Diyos.**

Salmong Tugunan (Slm 117)

T — **Butihing Poo'y purihin, pag-ibig niya'y walang maliw.**

sr. m.c.a. parco, fsp



1. O pasalamatang ang Diyos na Panginoon,/ pagkat siya'y mabuti;/ ang kanyang pag-ibig ay napakatatag at mananatili./ Ang taga-Israel, bayaang sabihi't kanilang ihayag,/ "Ang pag-ibig ng Diyos ay hindi kukupas." (**T**)

2. Ang lakas ng Poon ang siyang nagdulot ng ating tagumpay,/ sa pakikibaka sa ating kaaway./ Aking sinasabing di ako papanaw,/ mabubuhay ako upang isalaysay/ ang gawa ng Diyos na Panginoon ko./ Pinagdusa ako at pinarusahan nang labis at labis,/ ngunit ang buhay ko'y di niya pinatid. (**T**)

3. Ang batong natakwil ng nangagtatayo ng tirahang-bahay/ sa lahat ng bato'y higit na mahusay./ Ang lahat ng ito ang

nagpamalas ay ang Panginoong Diyos,/ kung iyong mamasdan ay kalugud-lugod./ O kahanga-hanga ang araw na itong/ ang Diyos ang nagbigay;/ tayo ay magalak at ating ipagdiwang! (T)

Ikalawang Pagbasa (1 Jn 5:1-6)

Sinumang naniniwalang mahal siya ng Diyos ay nagmamahal din sa Diyos. Hindi pabigat ang mga utos ng Diyos. Bagkus, ito'y kagalakan para sa isang taong umiibig.

Pagbasa sa unang sulat ni Apostol San Juan

MINAMAHAL kong mga kapatid: Inaaring mga anak ng Diyos ang sumasampalatayang si Hesus ang Mesiyas; at sinumang umiibig sa ama ay umiibig din sa mga anak. Ito ang palatandaang iniibig natin ang mga anak ng Diyos: kapag iniibig natin ang Diyos at tinutupad ang kanyang mga utos, sapagkat ang tunay na umiibig sa Diyos ay yaong tumutupad ng kanyang mga utos. At hindi naman mahirap sundin ang kanyang mga utos, sapagkat napag-tatagumpayan ng bawat anak ng Diyos ang sanlibutan, at nagtatagumpay tayo sa pamamagitan ng pananampalataya. Sino ang makapagtatagumpay laban sa sanlibutan? Ang sumasampalatayang si Hesus ang Anak ng Diyos.

Si Hesuskristo ang naparito sa sanlibutan, bininyagan sa tubig, at nagbubo ng kanyang dugo sa kanyang kamatayan— hindi lamang bininyagan sa tubig, kundi nagbubo pa ng kanyang dugo. Ang Espiritu ang nagpapatotoo tungkol dito, sapagkat ang Espiritu ay katotohanan.

— Ang Salita ng Diyos.

B — Salamat sa Diyos.

Aleluya (Jn 20:29)

B — Aleluya! Aleluya! Mapalad at maligaya ang sumasampalataya sa di nakita ng mata! Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita (Jn 20:19-31)

P — Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan

B — Papuri sa iyo, Panginoon.

KINAGABIHAN ng Linggo ding iyon, ang mga alagad ay nagkakatipon. Nakapinid ang mga pinto ng bahay na kanilang pinagtitipunan dahil sa takot nila sa mga Judio. Dumating si Hesus at tumayo sa gitna nila. “Sumainyo ang kapayapaan!” sabi niya. Pagkasabi nito, ipinakita niya ang kanyang mga kamay at ang kanyang tagiliran. Tuwang-tuwa ang mga alagad nang makita ang Panginoon. Sinabi na naman ni Hesus, “Sumainyo ang kapayapaan! Kung paanong sinugo ako ng Ama, gayon din naman, sinusugo ko kayo.” Pagkatapos, sila’y hiningahan niya at sinabi, “Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo. Ang patawarin ninyo sa kanilang mga kasalanan ay pinatawad na nga; ang hindi ninyo patawarin ay hindi nga pinatawad.”

Ngunit si Tomas na tinaguriang Kambal, isa sa Labindalawa, ay wala roon nang dumating si Hesus. Kaya’t sinabi sa kanya ng ibang alagad, “Nakita namin ang Panginoon!” Sumagot si Tomas, “Hindi ako maniniwala hangga’t di ko nakikita ang butas ng mga pako sa kanyang mga kamay, at naisusuot dito ang aking daliri, at hangga’t hindi ko naipapasok ang aking kamay sa kanyang tagiliran.”

Makalipas ang walong araw, muling nagkatipon sa loob ng bahay ang mga alagad; kasama nila si Tomas. Nakapinid ang mga pinto, ngunit pumasok si Jesus at tumayo sa gitna nila. Sinabi niya, “Sumainyo ang kapayapaan!” Saka sinabi kay Tomas, “Tingnan mo ang aking mga kamay at ilapit dito ang iyong daliri. Ipasok mo ang iyong kamay sa aking tagiliran. Huwag ka nang mag-alinlangan, maniwala ka na.” Sumagot si Tomas, “Panginoon ko at Diyos ko!” Sinabi sa kanya ni Hesus, “Naniniwala ka na ba sapagkat nakita mo ako? Mapapalad ang mga naniniwala kahit hindi nila ako nakita.”

Marami pang kababalaghang ginawa si Hesus na nasaksihan ng mga alagad, ngunit hindi natatala sa aklat na ito. Ang mga natala rito’y sinulat upang sumampalataya kayong si Hesus ang Mesiyas, ang Anak ng Diyos, at sa gayo’y magkaroon kayo ng buhay sa pamamagitan niya.

— Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

B — Pinupuri ka namin, Panginoong Hesuskristo.

Homiliya (Umupo)

Pagpapahayag ng Pananampalataya (Tumayo)

B — Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa. Sumasampalataya ako kay Hesuskristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat, nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inililing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao, nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao. Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen.

Panalangin ng Bayan

P — Taglay ang pagtitiwala, dumulog tayo sa ating Diyos na lubos ang awa at pag-ibig sa atin:

T — Panginoon ng Awa, dinggin mo kami.

L — Maging buhay na instrumento nawa ng dakilang awa ng Diyos ang mga namumuno sa ating Simbahan. Manalangin tayo: (T)

L — Maipadama nawa ng mga namumuno sa ating pamayanan ang paglilingkod na nakaugat sa pag-ibig at habag. Manalangin tayo: (T)

L — Masumpungan nawa ng mga kapatid nating naghahanap ng kasagutan sa kanilang pagdududa ang pag-ibig at dakilang awa ng Diyos na siyang kasagutan sa lahat. Manalangin tayo: (T)

L — Makamit nawa ng mga kapatid nating pumanaw ang dakilang awa ng Diyos. Manalangin tayo: (T)

L — Sa ilang sandali ng katahimikan, ating ipanalangin ang iba pang mga pangangailangan ng ating pamayanan pati na rin ang ating pansariling kahilingan (*Tumahimik*). Manalangin tayo: **(T)**

P — O Diyos, tunghayan mo kaming mga umaasa sa dakilang pag-ibig at awa mo. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

B - Amen.

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN 

Paghahain ng Alay (*Tumayo*)

P — Manalangin kayo...

B — **Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

P — Ama naming Lumikha, tunghayan mo ang mga alay ng iyong sambayanan upang ang iyong binigyan ng bagong buhay sa pagsampalataya sa iyong ngalan at pagkadalisay noong sila'y binyagan ay makapakinabang sa ligayang walang katapusan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B - Amen.

Prepasyo (*Pagkabuhay I*)

P — Sumainyo ang Panginoon.

B — **At sumaiyo rin.**

P — Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

B - Itinaas na namin sa Panginoon.

P — Pasalamatan natin ang Panginoon ating Diyos.

B — **Marapat na siya ay pasalamatan.**

P — Ama naming makapangyarihan tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan lalo ngayong ipinagdiriwang ang paghahain ng Mesiyas, ang maamong tupa na tumubos sa aming lahat.

Ang iyong Anak na minamahal ay naghain ng sarili niyang buhay. Siya ang tupang maamong umako sa kaparusahan upang mapatawad ang kasalanan ng sanlibutan. Sa pagkamatay niya sa banal na krus ang kamatayan namin ay kanyang nilupig. Sa pagkabuhay niya bilang Manunubos pag-asa't pagkabuhay ay aming nakamit.



SAMBUHAY MISSION APPEAL

Be a mission partner for Sambuhay!



Sambuhay Misalette and Sambuhay TV now offer you a chance to reach its nearly a million readers and viewers. We share our "sacred space" for

- Vocation promotions
- Invitations from Catholic communities and other groups
- Announcements for special programs and activities
- Local and international pilgrimages
- Other church and faith-based matters

MEDIUM	DURATION	AD RATE
Sambuhay Sunday Misalette (English or Filipino)	1 SUNDAY	P 4,000
Sambuhay Sunday Misalette (Hiligaynon)	1 SUNDAY	P 1,500
Sambuhay First Friday	1 FRIDAY	P 2,000
Sambuhay Sunday Misalette (English or Filipino)	8 SUNDAYS (2 months)	P 25,000
Sambuhay TV	1 EPISODE	P 5,000

Contact details: 88959701 to 04 loc. 607 89953416 | sambuhay.missalette@gmail.com | marketing@stpauls.ph | Facebook.com/sambuhaymisalettePH | Facebook.com/sambuhay.missalette

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B - Santo, Santo, Santo... (Lumuhod)

Pagbubunyi (*Tumayo*)

B — **Si Kristo'y namatay! Si Kristo'y nabuhay! Si Kristo'y babalik sa wakas ng panahon!**

PAKIKINABANG

Ama Namin

B — Ama namin...

P — Hinihiling naming...

B — **Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.**

Pagbati ng Kapayapaan

Paanyaya sa Pakikinabang (*Lumuhod*)

P — Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B — **Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona sa Komunyon (Jn 20:27)

Ako ay iyong hawakan sa sugat sa aking kamay, sa paa kong pinakuan. Aleluya, panaligan nang di nag-aalinlangan.

Panalangin Pagkapakinabang (*Tumayo*)

P - Manalangin tayo. (*Tumahimik*)

Ama naming mapagmahal, ipagkaloob mong ang aming pakikinabang sa banal na piging ng Pasko ng Pagkabuhay ay patuloy na umiral sa aming kalooban sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B - Amen.

PAGTATAPOS

P - Sumainyo ang Panginoon.
B - At sumaiyo rin.

Pagbabasbas

P - Magsiyuko kayo at hingin ang pagpapala ng Diyos. (*Tumahimik*)

Ama naming mapagpala, lingapin mo ang iyong angkan pakundangan sa pag-ibig ni Hesukristo na hindi tumanggap magdusa sa kamay ng mga makasalanan, kahit sa krus siya'y mamatay, at ngayon siya ay nabubuhay kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B - Amen.

P - Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos Ama at Anak (†) at Espiritu Santo.

Pangwakas

P - Tapos na ang Banal na Misa. Humayo kayong taglay ang kapayapaan ni Kristong muling nabuhay. Aleluya! Aleluya!

B - Salamat sa Diyos. Aleluya! Aleluya!